

Impormasyon para sa mga na-admit na pasyenteng may COVID-19

Ang COVID-19 ay maaaring maging sanhi ng hindi malala hanggang sa malubhang sakit.

Ikaw ay na-admit sa ospital dahil sa COVID-19 para ma-monitor namin ang iyong paghinga. Kailangang suportahan ng oxygen at kung minsan ng ventilator (artipisyal na paghinga) ang inyong paghinga. Gusto rin naming tumulong na maibsan ang anumang sintomas na mayroon ka.

Ipapaliwanag sa leaflet na ito kung anong paggagamot ang maaari mong matanggap, at anong suporta ang maaaring ibigay.

Anong paggagamot ang matatanggap ko?

Bukod sa mga aktibong hakbang sa paggamot sa sakit, mahalagang mabawasan ang paghihirap na maaari mong maranasan. Ginagawa ito sa pamamagitan ng paggamot sa iyong mga sintomas:

- Ang pangangapos ng hininga ay mapapabuti sa pamamagitan ng pananatiling kalmado at nakapahinga hangga't maaari, ngunit kung lumala ito, gagamit kami ng gamot para maibsan ito. Ang pinakakaraniwang gamot na ginagamit ay morphine. Bagama't kadalasang ibinibigay para sa pananakit, ligtas na gamitin ang morphine para maibsan ang pangangapos ng hininga.
- Ang pag-ubo ay magagamot din ng morphine.
- Ang pagkabalisa ay maaaring karaniwan; kasama sa mga gamot na ginagamit para maibsan ang sintomas na ito ang lorazepam at midazolam.
- Ang pakiramdam na labis na pagkapagod ay maaaring mangyari kung lalagnatin ka at makontrol ito gamit ang paracetamol.

Ang lahat ng gamot ay ibibigay nang regular at kapag kailangan mo ang mga ito. Kung hindi mo malunok ang gamot, maaari itong ibigay sa pamamagitan ng pag-iniksiyon sa ugat o sa ilalim ng balat.

Sa mga pinakaseryosong sitwasyon, maaaring maapektuhan ng COVID-19 ang mga baga, na magpipigil ditong gumana nang normal. Maaaring gumamit ng ventilator para makapagpasok at makapaglabas ng hangin sa baga at makatulong sa iyo na makahinga. Maaaring kailanganin mong gumamit ng ventilator nang ilang araw hanggang sa gumana na ulit nang normal ang iyong baga.

Maaari ba akong magpasya kung paano ko gustong magamot?

Dapat mong kausapin ang mga doktor tungkol sa kung ano ang mahalaga sa iyo. Maaaring may mga kagustuhan ka tungkol sa kung paano at kailan dapat isagawa ang ilang partikular na aksyon. Halimbawa, kung kailan sisimulan ang ventilation o kung isasalba ang tibok ng puso kapag huminto ito. Isasaalang-alang ng mga doktor ang iyong mga opinyon patungkol sa iyong kondisyon. Maaaring kailanganin ng agarang pagpapasya tungkol sa pangangalaga sa iyo kung hindi magiging maganda ang kondisyon mo kaya mahalagang sabihin sa medical team kung ano ang gusto mong gawin nila. Kung hindi ka sigurado, talakayin ito kasama ng isa sa mga miyembro ng medical team.



Ang lahat ng impormasyon sa leaflet na ito ay pinagsama-sama ni Dr Sabrina Bajwah (Cicely Saunders Institute, King's College London) nang may malaking tulong mula sa mga kasamang may-akda at grupo ng pasyente/tagapangalaga bilang suporta sa ERJ editorial na "Pamamahala sa mga pangangailangan sa pansuportang pangangalaga ng mga taong apektado ng COVID-19".

Pakibanggit ang editorial na ito sa sumusunod na paraan:

Bajwah S, Wilcock A, Towers R, Costantini M, Bausewein C, Simon ST, Bendstrup E, Prentice W, Johnson MJ, Currow DC, Kreuter M, Wells AU, Biring SS, Edmonds P, Higginson IJ (2020). Managing the supportive care needs of those affected by COVID-19. ERJ: doi <https://doi.org/10.1183/13993003.00815-2020>

Ginawa noong Abril 2020.

Paano ako makikipag-ugnayan sa mga mahal ko sa buhay?

May mahihigpit na patakaran hinggil sa isolation sa loob at labas ng ospital, na nangangahulugang maaaring hindi payagang may bibisita sa iyo. Ang sinumang bibisita sa ospital ay kakailanganing magsuot ng personal protective equipment (na tinatawag ding PPE - face mask, atbp.). Hangga't maaari, susubukan kayong tulungan ng kawani ng ward na makikipag-ugnayan sa mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng telepono o video call. Ipagbigay-alam sa kawani sa ward kung gusto mong ma-update sa ganitong paraan at kung may partikular na taong gusto mong manatiling nalalaman ang mga nangyayari.

Maaari ba akong humingi ng karagdagang suporta?

Nauunawaan namin na mahirap na sitwasyon ito. Maaaring gusto mong sabihin ang iyong nararamdaman. Sabihan ang kawani ng ward na makikipag-ugnayan sa mga sumusunod na serbisyo ng suporta na maaari mong makuha:

Listahan ng mga lokal na serbisyo ng suporta sa ospital: